

# Bakuna sa COVID-19 para sa Edad 5-17



**Ang Pfizer-BioNTech COVID-19 na bakuna ay magagamit na ngayon para sa sinumang edad 5 at pataas.**

**Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas at napakabisa.** Ang lahat ng bakuna sa COVID-19 ay kinakailangan, dumaan sa mahigpit na pagsusuri at pag aaral. Pinahintulutan ng FDA ang bakuna ng Pfizer para sa pang-emerhensiyang paggamit para sa edad 5 pataas at walang nakitang malubhang alalahanin sa kaligtasan. Kinumpirma ng mga independyenteng eksperto na ang bakuna ay nakakatugon sa mataas na mga pamantayan sa kaligtasan at pagiging epektibo.

**Ang mga bakuna sa COVID-19 ay libre.** at bukas sa lahat anuman ang segurong pangkalusugan, pagkamamamayan, o katayuan sa imigrasyon. Hindi ka maaring singilin ng iyong provider para sa isang pagbisita sa opisina kung papasok ka lamang para makuha ang bakuna.

## PAANO MAGPABAKUNA

### Maghanap ng lugar na pagbabakunahan

- Suriin ang mga pagpipiliin sa **pagbabakuna ng King County** (marami ang hindi nangangailangan ng mga appointment) sa [kingcounty.gov/vaccine](https://kingcounty.gov/vaccine) (piliin ang wika sa ibaba ng pahina)
- **Tawagan ang opisina ng iyong doktor o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan** upang makita kung mayroon silang mga opsyon sa pagbabakuna na magagamit.
- **Maghanap ng mga botika at iba pang mga lokasyon** sa pamamagitan ng zip code gamit ang [vaccinelocator.doh.wa.gov](https://vaccinelocator.doh.wa.gov) (piliin ang wika sa kanang sulok sa itaas na drop-down na menu)
- **Kailangan ng tulong sa telepono?** Tawagan ang King County COVID-19 Call Center anumang araw sa pagitan ng 8 AM – 7 PM sa 206-477-3977. Magagamit ang mga tagasalin – sabihin ang wikang kailangan mo kapag ikaw ay nakakonekta.

### Ano ang dadalhin sa iyong iskedyul sa bakuna:

- **Dokumento para kumpirmahin ang edad:** pagkakakilanlan na ibinigay ng estado, tribo, o pederal, sertipiko ng kapanganakan, ID ng paaralan o papeles o paaralan o medikal na may pangalan at petsa ng kapanganakan ay maaaring gamitin.
- **Pahintulot para sa pagbabakuna.** Maaaring kailanganin mo ng pahintulot mula sa isang magulang o iba pang awtorisadong nasa hustong gulang upang makakuha ng bakuna sa COVID-19. Maaaring magbigay ng pahintulot sa sarili ang mga kabataan kung sila ay pinalaya, ikinasal sa isang nasa hustong gulang, o natukoy ng site ng bakuna na sila ay isang mature minor. Pag aralan ang mga kinakailangan ng pahintulot sa [kingcounty.gov/vaccine/youth](https://kingcounty.gov/vaccine/youth) (piliin ang wika sa kanang sulok sa itaas na drop-down na menu)
- **Magsuot ng maikling manggas** o maluwag na manggas na madaling tiklupin pataas.
- **Maaaring gawin habang naghihintay.**

**MAY MGA TANONG? Tingnan ang FAQ sa susunod na pahina o pumunta sa [kingcounty.gov/covid/vaccine](https://kingcounty.gov/covid/vaccine)** (piliin ang wika sa kanang sulok sa itaas na drop-down na menu).

## **MGA MADALAS NA TANONG TUNGKOL SA PAGBABAKUNA (FAQ):**

### **Ilang turok ang kailangan ko para ganap na mabakunahan?**

Kakailanganin mo ng dalawang turok ng bakuna ng Pfizer. Makakakuha ka ng pangalawang turok ng bakuna nang hindi bababa sa 21 araw pagkatapos ng una. Ang unang pag-turok ay magpapalakas ng iyong resistansyang labanan ang COVID-19 at ang pangalawang dosis ay magpapa-igting at magkukumpleto ng proteksiyong iyon. Itinuturing kang ganap na nabakunahan 2 linggo pagkatapos ng iyong pangalawang pagturok.

### **Ito ba ay ang parehong bakuna na nakukuha ng mga matatanda?**

Ang mga kabataang edad na 12-17 ay nakakakuha ng parehong bakunang Pfizer na ibinibigay sa mga may sapat na gulang. Ang mga batang may edad na 5-11 ay nakakakuha ng Pfizer na dosis na ginawa para sa mga mas batang edad. Ang mga may edad 18 pataas ay maaari ding makakuha ng Moderna o Johnson & Johnson na mga bakuna, ngunit ang mga bakunang iyon ay hindi pa awtorisado para sa mas batang mga edad.

### **Makukuha ko ba ang mga di kanais nais na epekto?**

Maaari kang makakuha ng mga di kanais nais na epekto tulad ng pananakit ng braso, lagnat, pananakit ng ulo, o pagkahapo sa loob ng ilang araw pagkatapos mabakunahan. Ito ay mga normal na palatandaan na ang immune system ng iyong katawan ay gumagana. May ilan na hindi nakakaranas ng anumang di kanais nais na epekto.

### **Maaari ba akong makakuha ng COVID-19 mula sa bakuna?**

Hindi. Walang coronavirus sa bakuna at hindi ka makakakuha ng COVID-19 mula rito.

### **Ano ang maaari kong gawin kapag ako ay ganap na nabakunahan?**

Maaari kang magsimulang gumawa muli ng maraming bagay na nahinto dahil sa pandemya! Maaari kang tumambay sa loob ng bahay kasama ng ibang mga taong ganap na nabakunahan nang hindi nagsusuot ng maskara (maliban sa maraming tao o sa mga pampublikong lugar). Hindi mo kailangang magsuot ng maskara sa labas maliban sa ilang lugar na matao. Manatiling nakasubaybay sa pinakabagong impormasyon tungkol sa kung ano ang maaari mong gawin pagkatapos mong mabakunahan: [LifeAfterVaccine.org](https://www.lifeaftervaccine.org) (piliin ang wika sa tuktok na menu)

### **Maaari ba akong makihalubilo sa mga taong hindi nabakunahan nang walang maskara?**

Pagkatapos mong ganap na mabakunahan, maaari kang tumambay sa loob ng bahay nang walang maskara kasama ng mga hindi nabakunahang tao mula sa isang sambahayan kung sila ay nasa mababang peligrong makakuha ng COVID-19 (halimbawa, wala sa kanila ang may iba pang problema sa kalusugan). Kung mayroong mga tao mula sa higit sa isang sambahayan o sinumang nasa mas mataas na peligro, dapat kang magsuot ng maskara, manatili nang hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo, at nasa isang lugar na may magandang bentilasyon (tulad ng nasa labas o bukas ang mga bintana). Mahusay na pinoprotektahan ka ng bakuna, ngunit pinag-aaralan pa rin ng mga eksperto kung ang mga nabakunahan ay maaaring magkalat ng virus sa mga hindi nabakunahan.

### **Saan ako pupunta para sagutin ang mga tanong tungkol sa bakuna para sa akin o sa aking pamilya?**

Ang iyong doktor o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang pinakamahasay na taong tanungin. Maaari ka ring makakuha ng mas maraming sagot sa [kingcounty.gov/covid/vaccine](https://kingcounty.gov/covid/vaccine) (piliin ang wika sa kanang sulok sa itaas na drop-down na menu).

